Employees Retraining Board

Mga umiiral at naplanong pamamaraan sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay para sa mga etnikong minorya

May Kinalamang mga Serbisyo	● Ang Pamunuan ng Muling Pagsasanay para sa mga Empleyado (ERB) ay nagbibigay ng mga kurso sa pagsasanay at mga serbisyong magpapahusay sa kasanayan, kalidad, kakayahang mamasukan at makipagpaligsahan ng puwersang manggagawa (na nakaabot ng sub-degree sa edukasyon o mas mababa). Ang full-time na mga kursong pagsasanay ay akma sa karera at may layuning matulungang makakuha ng trabaho ang walang hanapbuhay sa pamamagitan ng naaangkop na mga pagsasanay sa kakayahan at suportang serbisyo sa paghahanap ng trabaho. Ang part-time na mga kurso sa pag anggat ng kasanayang bokasyonal ay magbibigay-kakayahan sa puwersang manggagawa na mapabago at ma-iangat ang antas ng kanilang mga kasanayan. Ang part-time na mga kurso sa panlahatang kasanayan, na sumasaklaw sa mga kasanayang pundasyon kagaya ng mga wika, mga numero at impormasyon sa teknolohiya, ay naglalayong pataasin ang pangkalahatang kalidad ng puwersang manggagawa ● Taglay ang pananaw na pagbutihin ang kakayahang makapagtrabaho ng mga etnikong minorya at pabilisin ang kanilang integrasyon sa lokal na komunidad, ang ERB ay nagbibigay ng nakatalagang kursong pagsasanay na isinasagawa

sa wikang Ingles magmula pa noong kalagitnaan ng 2007 upang umakma sa mga mithiin at mga kinakailangang pagsasanay ng mga etnikong minorya. Mga espesyal na pamamaraan at serbisyo ay ibinibigay upang mapadali at masuportahan ang kanilang pagsasanay at paghahanap ng trabaho.

Mga umiiral na Pamamaraan

Mga kursong itinalaga para sa mga etnikong minorya

- Noong 2010-11, halos 400 na mga tinuturuang etnikong minorya ang dumalo sa 18 full-time na mga kursong may kaugnayan sa paghahanap ng trabaho at 14 part-time na mga kurso.

- Ang ERB ay nag-alok ng pinag-isang kurso sa paghahanap ng trabaho na kilala bilang "Employment Set Sail" na isinagawa sa wikang Ingles para sa mga etnikong minorya simula noong 2008-09 upang mapalawak ang kanilang pang-unawa at kaalaman sa lokal na job-market, kultura sa lugar ng trabaho, pati na ang mga kasanayan at paraan ng paghahanap ng trabaho.

- Ang ERB ay naglunsad sa unang pagkakataon ng programang "Workplace Chinese Communication" sa pakikipagtulungan ng ang Umiiral na Kumite sa Edukasyong Pang-wika at Pananaliksik at ang Konseho sa Bokasyonal na Pagsasanay upang makapagbigay ng part-time na pagsasanay sa wikang Cantonese na magagamit sa lugar ng trabaho para sa mga etnikong minorya sa 2008-09. Batay sa karanasan sa unang programa, ang nilalaman ng kurso ay binago ng ERB. Dalawang

bagong kurso sa wikang Tsino na magagamit sa lugar ng trabaho para sa mga etnikong minorya ay pinalago at inilunsad noong 2009-10.

- Ang ERB ay nagbalangkas ng sistematikong pamamaraan sa pag-aalok ng pagsasanay ng wikang Tsino para sa mga etnikong minorya. Bilang karagdagan sa dalawang kurso ng wikang Tsino na nabanggit sa itaas, dalawa pang kurso sa pagsasanay sa pagbasa at pagsulat sa wikang Tsino ang inilunsad noong 2010-11 upang matulungan silang makakuha at maiangat ang antas ng kanilang kahusayan sa wikang Tsino para sa kanilang pakikiisa sa lipunan at empleyo.

- Ang ERB ay nagtatag ng dalawang magkahiwalay na mga focus group noong Hunyo 2008 upang tumulong sa pagkilala sa mga pangangailangan sa pagsasanay at sa trabaho ng mga etnikong minorya, kasama din ang pagpapayo hinggil sa mga estratehiya sa pagtataguyod ng mga kurso at serbisyo ng ERB para sa mga etnikong minorya. Ang mga focus group ay binubuo ng mga kinatawan mula sa mga grupo ng etnikong minorya, NGO, mga kinatawan ng pagsasanay (TBs) at mga employer.

- Batay sa payo ng mga focus groups at mungkahi na ibinigay ng TBs, may 13 full-time at 17 part-time na mga kurso ang iaalok sa 2011-12. Ang payak na Programa sa Pagsasanay ng Kabataan ay isinama para sa mga kabataang nasa gulang na 15-20 at kasabay na iaalok sa apat pang iba’t ibang pagsasanay para sa kakayahan.

Espesyal na mga panukala at mga serbisyong suporta

- Patuloy ang ERB sa pagsasaayos ng naangkop na pinakamaliit na laki ng klase para sa mga kursong pagsasanay na nakatalaga para sa mga etnikong minorya.

- Ang mga serbisyong interpretasyon ay isinaayos sa klase, kung naaangkop at kinakailangan, sa pamamagitan ng mga teaching assistants (nagbibigay-tulong sa pagtuturo) na nakapagsasalita ng Ingles at mga wikang etnikong minorya upang mapadali ang pagtuturo at pag-aaral

- Ang mga nagsasanay na etnikong minorya na nakakumpleto na ng mga kursong placement-tied ay binibigyan ng 6 na buwang serbisyo sa pagtugaygay sa paghahanap ng mapapasukan, samantalang 3 buwang pagtugaygay sa paghahanap ng mapapasukan ang karaniwang ibinibigay sa ibang mga nagsasanay

- Ang ERB ay pinalawig ang nasasakupan nang kasalukuyang Kurso sa Pagsulong sa Pagpapasiglang Pagsasanay para isama ang kursong ini-alay para sa ethnikong minorya, para mahikayat ang TBs na mas palawakin ang mga bagong kurso na tutugon sa pangangailangan ng grupong tinarget. Hanggang noong 2010-11, inaprubahan ng ERB ang anim na iminungkahing bagong kurso ng TBs.

- Para mapa-unlad ang kamalayan sa pagkakataon sa pagsasanay ng etnikong minoriya, ang ERB ay naglaan ng magkakahanay na mga materyal

(kasama ang mga prospektus, karatula, polyeta at baner) sa wikang Ingles at anim na etnikong minoryang wika (ka- bilang ang Hindi, Urdu, Nepali, Indonesian, Tagalog at Thai) para ipamahagi sa mga etnikong minoryang grupo sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan. Iba't ibang anunsyo tungkol sa mga kurso ang inilagay sa dyaryo para sa mga etnikong minorya.

- Sa hangaring maabot ang mga etnikong minorya at tantyahin ang kanilang mga pangangailangan, ang mga kawani ng ERB ay nagsagawa ng mga pagbisita sa mga pagtitipong pang-kultura at pang-relihiyon ng mga etnikong minorya.

- Itinataguyod din ng ERB ang mga TBs na siyang magpapatakbo ng mga aktibidad na pang-promosyon batay sa distrito na pinupuntirya ang mga etnikong minorya at mga tagapag-empleyo. Ipagpapatuloy ng ERB na pag-aralan ang mga karagdagang paraan upang maabot ang mga etnikong minorya.

- Para lalong pag-ibayuhin ang pagpapalaganap nito, ang ERB ay nakikipag-ugnayan sa mga regional support service centers para sa etnikong minorya na pinapatakbo ng mga NGOs na pinupunduhan ng Home Affairs Department sa pagbibigay ng mga impormasyong tungkol sa ERB sa etnikong minorya.

- Mga natatanging serbisyong pagsuporta ang inalok sa mga etnikong minorya sa ERB Service Centres sa Sham Shui Po at Kwun Tong upang matugunan

ang kanilang tiyak na pangangailangan. Malawak ang nasasaklaw ng magagamit na mga serbisyo at pasilidad ng mga grupo ng etnikong minorya, kabilang na ang paglahok sa mga workshops na inaalok ng mga Sentro. Ang mga grupong nagtataguyod ng suporta ay nabuo upang makapamahagi ng kaalaman at pagpapalitan ng suporta sa mga miyembrong kabilang sa etnikong minorya. Ang mga pagsasanay at pagsangguning serbisyong panlipunan ay inaalok din upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

<u>Pagsasanay ng mga kawani</u>

- Upang mapalawak ang pag-unawa sa kultura ng etnikong minorya at maging sensitibo sa pagbibigay ng serbisyo sa mga etnikong minorya, ang ERB sa pakikipagtulungan sa Unison ay bumuo ng apat na sesyon ng pagsasanay para sa mga kawani ng ERB at TB tungkol sa katangian ng mga kultura ng etnikong minorya sa Hong Kong simula Hulyo 2008 hanggang Enero 2010. Ang katulad na pagsasanay ay taunang ginaganap para sa mga kawani ng ERB at TB upang sariwain ang pang-unawa at kamalayan sa kultura ng mga etnikong minorya.

- Ang ERB ay nagsasagawa ng apat na payak na sesyon sa pagsasanay para sa mga kawani ng pinunong ahensiya ng TBs at ERB noong Mayo 2009 at Marso 2010. Sa mga dumadalo sa sesyon, pinapaalalahanan ng mga tagapagsanay na opisyal ng Equal Opportunities Commssion (EOC) ukol sa Race Discrimination Ordinance (RDO) lalo na sa

	natatanging saklaw sa pagsasanay na bokasyonal. Ang katulad na sesyon sa pagsasanay ay gagawing taunan ng ERB para mga bagong hinirang na TBs at para sa pagbabahagi ng karanasan sa pagpapairal ng RDO at Alituntunin sa Pagsa- sanay na inilathala ng EOC.
Pagtantya ng trabaho sa hinaharap	● Ipagpapatuloy ng ERB ang pagsukat sa pananaw ng mga grupo ng etnikong minorya hinggil sa kasalukuyang hakbang, suportang serbisyo at pagpapabuti ng mga dedikadong kurso at serbisyo upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagsasanay.
Mga Karagdagang Pamamaraan na Isinaalang-alang / Isasaalang-alang	● Noong 2010-11, ang ERB ay nagsimulang gumawa ng pagsasanay sa wikang Ingles na maaaring gamitin para sa piling pangkalahatan/walang ipinatutungkol na kurso paraang partisipasyon ng mga etnikong minorya na nakaka-intindi ng Cantonese (na kung saan ang ginagamit sa pagtuturo ay Cantonese). Sampong kurso ang iaalok sa 2011-12, na nasasakop ang iba’t ibang industriya kasama ang Hotel, Pangangalakal, Serbisyong Pangangalaga sa Kalusugan at Impormasyon at Teknolohiyang Pang-Komunikasyon. ● Ang ERB ay magrerepaso ng kahihinatnan ng mga binuong kursong inilaan at isinaalang-alang ang katugunan mula sa mga tinituruan at TBs’ pati na rin ang pangangailangan ng merkado ng sa gayon ay mapaganda ang nilalaman ng pagsasanay at programa para sa mga etnikong minorya.

Hunyo 2011